Mensahe Anim

## Pagiging isang Bukás na Sisidlan sa Panginoon at Namumuhay ng mga Ordinaryong Araw sa Dibinong Pamamahagi ng Dibinong Trinidad

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 2:7; Roma 9:21-23; 2 Cor. 4:7; 2 Tim. 2:20-21

**I. Ang unang hakbang ng pamamaraan ng Diyos sa pagsasakatuparan ng Kanyang layunin ay ang likhain ang tao bilang isang sisidlan upang isilid ang Kanyang sarili bilang buhay—Gen. 2:7:**

A. Pinili tayo ng Diyos upang tayo ay maging mga sisidlan sa ikapupuri na puspos ng Tres-unong Diyos—Roma 9:21-23; 2 Cor. 13:14:

1. Nilikha ng Diyos ang tao bilang isang sisidlan upang isilid Siya, at mula sa maraming sisidlan, pinili Niya tayo upang isilid Siya, ang Diyos ng kapurihan, upang tayo ay maging mga sisidlang ikapupuri—4: 7.
2. Ang mga sisidlang ikapupuri ay nabubuoan kapwa ng dibinong kalikasan (ginto) at ng tinubos at isinilang na muling pantaong kalikasan (pilak)—2 Tim. 2:20-21.
3. Ipinakikilala ng Diyos ang Kanyang kaluwalhatian sa atin, ang mga sisidlan, upang tayo ay maging mga sisidlan ng kaluwalahatian—Roma 9:23; 2 Cor. 3:18; 4:6-7:
    a. Lahat ng ito ay mula sa Kanyang awa at ayon sa Kanyang awa; hindi ito matatamo sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap.
    b. Sa kadahilanang ito dapat natin Siyang sambahin at pasalamatan Siya para sa Kanyang awa—Roma 9:15-16, 18.

B. Ang buod ng labing-apat na Liham ni Pablo ay maihahayag sa dalawang salita: *bukás na sisidlan:*

1. Ipinakikita sa atin ng Bagong Tipan na nagnanais ang Diyos ng mga mananampalataya bilang mga sisidlan na iniibig Siya at pinananatili ang kanilang sarili na bukás sa Kanya—2 Cor. 3:16:
    a. Kung sa kaibuturan ng ating katauhan ay hindi tayo bukás sa Panginoon, hindi Niya maipamamahagi ang Kanyang sarili tungo sa atin at hindi makagagawa ng Kanyang tahanan sa ating puso—Efe. 3:17.
    b. Ang isang bukás na sisidlan ay walang ginagawa kundi pinananatili ang sarili nito na bukás upang mapunuan ng dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad—2 Cor. 13:14.
2. Ang isang tunay na buhay-Kristiyano ay isa na iniiibig ang Panginoon at pinananatili ang sarili nitong bukás sa Panginoon at inihihinto ang paggawa nito—Marc. 12:30; 1 Juan 4:16-21:
    a. Pagkatapos ang Panginoon ay papasok at gagawin ang lahat ng bagay; ang sisidlan ay naglalalman lamang ng Panginoon at tinatamasa ang pagpupuno at paggawa ng Panginoon.
    b. Kailangan lamang nating ibigin ang Panginoon at panatilihing bukás ang ating sarili sa Kanya, binibigyan Siya ng bawat pagkakataon na gawin ang lahat ng bagay na ninanais Niyang gawin—Efe. 3:17.
    c. Ito ang wasto at tunay na buhay-Kristiyano—Gal. 2:20.

3. Dapat tayong manalangin, "Panginoon, sa Iyong biyaya ay hindi ako magkakaroon ng anumang bahagi ng aking katauhan na sarado sa Iyo; pinipili kong panatilihin ang aking sarili na buo at lubusang bukás sa Iyo":
   a. Ang ganitong wastong panalangin, mas malalim na panalangin, tunay na panalangin, ay ang ibigin ang Panginoon at maging bukás sa Kanya—Efe. 3:17-19.
   b. Kung mayroon tayong ganitong uri ng panalangin, tayo ay magiging buháy, bukás na sisidlan, at magkakaroon ng daan ang Panginoon upang punuan tayo ng Kanyang sarili—bb. 14-18.
   c. Kapag pinupuno tayo ng Panginoon, ginagawa Niya ang lahat para sa atin—b. 19.

**II. Bilang mga mananampalataya kay Kristo, kailangan nating matutong maging nasiyahan sa isang buhay ng mga ordinaryong araw sa mga regular at normal na karanasan sa dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad—Roma 8:2, 6, 10-11; Efe. 3:16-17a:**

A. Kailangan nating tanggapin ang dibinong pamamahagi unti-unti, araw kada araw, tinatanggap ang pamamahaging ito nang muli't muli sa isang dahan-dahan, tuloy-tuloy na paraan—2 Cor. 13:14; Mat. 6:11; Aw. 68:19:
   1. Napakakaunting espiritwal na bagay ang naisasakatuparan sa atin nang minsanan; sa halip, gaya sa ating pisikal na buhay, karamihan sa mga esiritwal na bagay ay dapat maulit nang muli't muli—Juan 6:57b; 4:14; 1 Cor. 10:3-4.
   2. Anuman ang ibinibigay ng Diyos sa atin ay hindi ibinibigay nang minsanan nang sa gayon ay hindi ito makayanan; sa halip, ang dibinong tustos ay ibinibigay nang unti-unti.

B. Ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos ay nasa loob natin hindi sa isang kagila-gilalas na paraan kundi sa isang ordinaryong paraan; dahil dito, kailangan nating mamuhay ng isang di-nagbabago at normal na buhay-Kristiyano; mas hindi tayo espesyal at mas normal tayo, mas maigi—Col. 1:27; 3:4; Efe. 3:16-17a.

C. Lahat ng bagay ng buhay na ibinibigay sa atin ng Tres-unong Diyos sa pamamagitan ng dibinong pamamahagi ay tahimik at mahinahon, at ang ating buhay bilang mga mananampalataya ay dapat ding tahimik at mahinahon; araw kada araw kailangan nating mamuhay sa ganitong paraan, payak na namumuhay ng isang ordinaryong buhay ng pagtanggap ng dibinong pamamahagi—Roma 8:6; 1 Tes. 5:23; 2 Tes. 3:16.

D. Ang ating tadhana ay ang mamuhay ng isang ordinaryong buhay sa dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad, sapagkat itinadhana ng ating Ama na tayo ay mamuhay sa isang ordinaryong paraan sa ilalim ng Kanyang patuloy na pamamahagi—Mat. 6:11, 32-34; 24:40-41.

E. Bilang mga mananampalataya, nararanasan natin ang dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad sa pamamagitan ng pananamplataya; ninanais ng Diyos na gawin natin ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng pagdepende sa Kanya, sa pamamagitan ng pagkuha sa Kanya bilang buhay, at sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa Kanya na ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa atin—Efe. 3:17a; Heb. 11:1.

F. Sa ganitong paraan tayo ay magiging normal sa pang-espiritwal, at ang ating espiritwalidad ay magiging regular at normal nang walang anumang pagkakagila-gilalas—Roma 8:4, 6; Gal. 5:22-23.

**III. Ang isang buhay ng mga ordinaryong araw sa dibinong pamamahagi ay ayon sa mahimalang normalidad ng dibinong ekonomiya—1 Tim. 1:4; Efe. 3:9:**

A. Ang mga karanasan kay Kristo, sa Espiritu, sa Tres-unong Diyos, at sa dibinong buhay kalakop ang dibinong kalikasan ay pawang normal—bb. 16-17a.

B. Lahat ng espiritwal at dibinong bagay na ibinibigay ng Diyos para sa ating karanasan at katamasahan ay normal; gayunpaman, ang mga normal ng bagay na ito ay mahimala, at dahil dito ay maaari tayong magsalita hinggil sa mahimalang normalidad ng dibinong ekonomiya—1 Tim. 1:4; Efe. 3:9.

C. Ang pagkasilang na muli ang pinakadakilang himala, gayunman ito ay nagaganap sa isang normal na paraan; sa gayon, ang pagkasilang na muli ay isang normalidad na mahimala, isang mahimalang normalidad sa ating buhay-Kristiyano—Juan 3:3, 5-6, 8; 1 Ped. 1:23.

D. Ang pagtawag sa pangalan ng Panginoon ay isang normalidad, gayunman ito ay mahimala na kapag tayo ay tumatawag, natatanggap natin ang kabuoan ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos—Roma 10:12; Jer. 33:3.

*© 2022 Living Stream Ministry*